

## PATNUBAY



Khalid Evaristo

الهداية إلى طريق الصواب خالد إيفرستو



## PAMBUNGAD SA TAMANG PATNUBAY

ni Khalid Evaristo



### **ISCAG - Philippines**

(Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines)

Congressional Road, Salitran I Dasmarinas, Cavite Philippines

Tel: (0063)-46-416 3371 Fax: (0063)-46-416 3629

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan.

#### PAMBUNGAD SA TAMANG PATNUBAY

#### Ang Islam at mga Muslim

Ang katagang "Islam" ay isang salita mula sa wikang Arabik na nangangahulugan ng "pagsuko sa kalooban ng Diyos". Hinango ito sa salitang Arabik "Salam" na nangangahulugan din "kapayapaan". Kaya naman, ang relihiyong Islam ay nagtuturo ng pagsuko sa Diyos ayon sa Kanyang mga ipinahayag na Banal na Batas tungo sa tunay na kapayapaan ng isip at kapanatagan ng puso ng Ang pinakamahalagang katotohanang tao. ipinahayag ng Diyos sa sangkatauhan ay ang walang sinumang banal o may karapatang sambahin maliban sa Makapangyarihang Samakatuwid, ang lahat ng tao ay nararapat lamang sumuko at sumamba sa Kanya.

Ang katagang "Muslim" ay yaong sumusuko sa kalooban ng Diyos maging anuman ang kanyang lahi, bansa o tribo. Ang pagiging Muslim ay nanganga-hulugan ng kusang-loob na pagsuko at masugid na pagtalima sa Diyos, at mamuhay nang ayon sa Kanyang mensahe. Marami ang may maling pag-aakala na ang Islam ay isang relihiyon ng mga Arabo lamang. Ito ay sadyang malayo sa katotohanan. Karagdagan sa maraming pumapasok

sa Islam sa lahat ng sulok ng daigdig lalo na sa at Amerika, makikita natin sambayanang Muslim mula Bosnia hanggang sa Nigeria, at mula Indonesia hanggang sa Morocco. Maliwanag na makikita na ang mga Muslim ay galing sa maraming iba't ibang lahi, kulay at tribo. Sa katunayan, higit sa 80% ng pangkalahatang Muslim ay hindi mga Arabo. Higit na marami ang Muslim sa Indonesia kaysa sa buong bansang Arabo. Kaya naman, kahit na nakararami ang bilang ng Muslim sa mga lahing Arabo, hindi sila ang pinakamalaking bilang ng Muslim sa daigdig. Magkagayon, sinumang sumuko nang lubusan sa Diyos at Siya lamang ang kanyang sinasamba ay isang Muslim.

#### Ang Walang-Hanggang Mensahe

Hindi bago ang relihiyong Islam sapagka't ang Islam (ang pagsuko sa kalooban ng Diyos) ay tanging relihiyon sa paningin ng Diyos. Sa ganitong kadahilanan, ang Islam ay tunay at likas na relihiyon, at ito ang dating walang-hanggang mensahe na ipinahayag sa pagdaloy ng panahon sa lahat ng Propeta ng Diyos katulad nina Abraham, Noah, Moses, Hesus at Muhammad. Silang lahat ay nagturo ng isang magka-katulad na Mensahe: ang dalisay na Monoteismo. Hindi nagtatag ng

bagong relihiyon si Propeta Muhammad katulad ng maling pag-aakala ng marami, bagkus Siya ang pinakahuling Propeta ng Islam. Sa pagpapahayag ng Diyos sa Kanyang huling mensahe kay Muhammad, na sadyang walang-hanggan at para sa lahat ng sangkatauhan, binigyang kaganapan ng Diyos ang kasunduan na Kanyang ibinigay kay Abraham, na isa sa mga nauna at bantog na Propeta. Sapat nang sabihin na ang panuntunan ng Islam ay siya ring panuntunan ni Propeta Abraham, sapagka't kapwa Bibliya at Qur'an ay nagpapakilala kay Abraham bilang isang matayog na huwaran ng sinumang buong-pusong isinusuko ang sarili sa kalooban ng Diyos, at siya ay tuwirang sumasamba Diyos na walang isinaalang-alang maunawaan tagapamagitan. Sa oras na ito. magiging maliwanag na ang Islam ang siyang pandaigdigan at walang-hanggang mensahe kaysa sa lahat ng relihiyon, sapagka't lahat ng Propeta at Sugo ng Diyos ay mga "Muslim" (sila'y sumusuko sa kalooban ng Diyos), at kanilang itinuro ang "Islam" (pagsunod sa kalooban ng Makapangyarihang Diyos).

#### Ang Kaisahan ng Diyos

Ang haligi ng pananampalatayang Islam ay ang paniniwala sa Kaisahan ng Diyos - ang Diyos ng

mga Propeta kasama na rito sina Abraham, Noah, Moses, at Hesus at Muhammad. Itinuturo ng Islam na ang dalisay na paniniwala sa Diyos ay likas sa tao. Kaya naman, nagagampanan nito ang likas na pagnanais ng kaluluwa. Ang konsepto ng Divos sa Islam ay tuwiran, maliwanag at madaling Itinuturo ng Islam na ang puso, maunawaan. kaisipan at kaluluwa ng tao ay mga angkop na sisidlan ng maliwanag na banal na pahayag. Ang mga pahayag ng Diyos sa tao nalalambungan ng magkasalungat na misteryo o labag sa katwirang katuruan. Kaya naman, itinuturo ng Islam na bagaman hindi kayang matarok at dimaabot nang lubusan ng ating limitadong kaisipan ang Kaluwal-hatian ng Diyos, hindi Niya inaasahan na tayo'y tumanggap ng mga di-makatotohanan o lantarang huwad na paniniwala hinggil sa Kanya.

Ayon sa mga katuruan ng Islam, ang Makapang-yarihang Diyos ay tanging Iisa. Ang Kanyang kaisahan ay hindi dapat mabahiran ng pagbibigay katambal sa Kanya, maging sa paniniwala at pagsamba. Dahil dito, pinag-uutusan ang mga Muslim na panatilihin ang tuwirang ugnayan sa Diyos. Magkagayon, ang anumang tagapamagitan ay tahasang ipinagbabawal. Sa pananaw ng Islam, ang paniniwala sa Kaisahan ng Diyos ay nangangahulugan na ang pagganap ng lahat ng

panalangin at pagsamba ay nararapat na iukol nang bukod-tangi sa Kanya. Siya lamang ang may karapatan sa katawagang "Panginoon" at "Tagapagligtas".

Bagaman ang ibang relihiyon ay naniniwala sa Iisang Diyos, hindi nila iniuukol ang kanilang panalangin sa Kanya lamang. Gayundin, ibinibigay nila ang kata-wagang "Panginoon" sa mga nilikha sadyang malayo sa pagkakaroon ng katangiang "Ang Maalam ng Lahat ng Bagay", "Ang Makapangyarihan", at "Ang Walang Pagbabago". Ang mga katangiang ito ng tunay na Divos ay makikita rin maging sa kanilang hawak na kasulatan. Ayon sa Islam, hindi sapat na ang tao ay maniwala na ang Divos ay iisa, bagkus nararapat niyang gampanan ang paniniwalang ito pamamagitan ng tamang pag-aaral. Sa madaling salita, ang konsepto ng Diyos sa Islam, na lubos na nakasalalay sa Banal na Pahayag, ay sadyang maliwanag sa pagiging Banal – Ang Diyos ay Diyos at ang tao ay tao. Sa dahilang ang Diyos ay ang tanging Lumikha at ang Tagapanustos sandaigdigan, Siya ay may kahigtan sa Kanyang mga nilikha---ang Lumikha at ang nilikha ay hindi kailanman maghahalo. Nagtuturo ang Islam na ang Diyos ay may natatanging kalikasan, at Siya ay

malaya sa kasarian, kahinaan, at lampas sa anupamang kayang liripin ng tao.

Nagtuturo ang Banal na Qur'an na ang mga Tanda at katibayan ng katalinuhan, kapangyarihan at pananatili ng Diyos ay kitang-kita sa ating kapaligiran. Kaya naman, tinatawagan ng Diyos na pag-isip-isipin ng tao ang mga nilikha sa paligid niya upang magkaroon siya ng higit na pang-unawa sa Kanyang Lumikha. Naniniwala ang mga Muslim na ang Diyos ay Mapagmahal, Maawain, at Mahabagin. Nasa Kanyang kamay ang araw-araw na pangyayari sa tao. Sa ganito'y nasa natatanging katamtamang katayuan ang Islam sa gitna ng huwad na pananampalataya at mapagmalabis na pilosopiya.

Maraming relihiyon at pilosopiya ang naglalarawan sa Diyos na may Mataas na Kapangyarihan subali't walang malasakit, o hindi mulat sa buhay ng bawa't isang tao. Ang ibang relihiyon naman ay nagbibigay sa Diyos ng mga katangiang pantao, at nagtuturo na Siya ay naroroon sa Kanyang mga nilikha, sa pamamagitan ng pagsasatao, pagsasabagay o maging sa anupaman. Sa kabilang dako, sa Islam ay binigyang-linaw ng Diyos ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpa-pahayag sa tao na Siya ay Mapagmahal, Mahabagin, Maawain at Kanya ring tinutugon ang mga panalangin. Subali't Kanya ring

binigyang-diin na walang anumang makatutulad sa Kanya, na Siya ay di-sakop ng panahon, kapaligiran at ng Kanyang nilikha.

Dapat ding banggitin na ang Diyos na sinasamba ng mga Muslim ay Siya ring Diyos na kinikilala ng mga Hudyo at Kristiyano sapagka't iisa lamang ang Diyos. Sa kasamaang-palad, ang ibang tao ay may maling pananaw na ang sinasambang Diyos ng mga Muslim ay kaiba sa Diyos ng mga Hudyo at Kristiyano, at ang "Allah" raw ay isa lamang "diyos ng mga Arabo". Ang maling kaisipang ito na patuloy na ipinalalaganap ng mga kaaway ng Islam ay sadyang malayo sa katotohanan, sapagka't ang katagang "Allah" ay payak na pangalan ng Makapangyarihang Diyos sa wikang Arabik. Ito rin ang katagang ginagamit ng mga Arabong Hudyo at Kristiyano. Magkagayunman, dapat liwanagin na bagaman magkatulad ang sinasamba ng mga Muslim sa Diyos na kinikilala ng mga Hudyo at Kristiyano, ang konsepto nila sa Kanya ay iba. Bilang halimbawa, hindi tinatanggap ng mga Muslim ang paniniwala ng mga Kristiyano at Hudyo na ang Diyos ay isa sa Tatlong Persona ng Diyos o ang Diyos ay nagkaroon ng anak. Hindi lamang itinatakwil ito ng Banal na Qur'an bagkus kung ito nga ang tunay na kalikasan ng Diyos, disin sana'y maliwanag na ipinahayag Niya ito kina Noah, Abraham, Moses, Hesus, Muhammad at iba pang mga Propeta.

#### Ang Banal na Qur'an

Ang literal na kahulugan ng katagang "Qur'an" mula sa wikang Arabik ay "ang babasahin o bibigkasin". Kapag ginamit ito hinggil sa Islam, nangangahulugan ito ng panghuling mensahe ng Diyos sa sangkatauhan na ipinahayag kay Propeta Muhammad. Ang Banal na Qur'an, na magkaminsa'y isinusulat na "Kor'an", ay literal na Salita ng Diyos na lagi nang binabanggit sa tuwina. Taliwas sa ibang mga banal na pahayag, lubusang napag-ingatan ang Qur'an sa bawa't kataga nito at kahulugan sa isang buhay na wika — isang wikang ginagamit pa rin hanggang sa ngayon.

Isang buhay na himala ang Qur'an sa wikang Arabik; at kilalang hindi matularan sa istilo, uri at sa bisang ispirituwal nito. Ibinaba ang huling Pahayag na ito kay Propeta Muhammad sa loob ng 23 taon. Ang pagka-kaiba ng Banal na Qur'an sa ibang aklat na pangrelihiyon ay ang lagi nang pagturing sa Banal na Qur'an bilang isang Salita ng Diyos ng mga taong naniniwala dito - hindi ito isang bagay na ipinasiya ng isang konseho maraming taon pagkaraang naisulat. Gayundin,

binibigkas ang Banal na Qur'an nang hayagan sa harapan ng kapuwa Muslim at di-Muslim na lipunan noong panahon ni Propeta Muhammad. Ang buong Qur'an ay lubusang naisulat, at marami sa mga kasamahan ng Propeta ang nakasaulo nito nang ganap sa bawa't kataga at pagbigkas kung papaano ito naipahayag. Kaya naman, taliwas sa ibang Aklat, ang Banal na Qur'an ay lagi nang nasa kamay ng mga karaniwang mananampalataya at kailanma'y hindi sila nagkaroon ng pag-aalinlangan na ito ay Banal na Salita ng Diyos. Dahil sa malawakang pagsasaulo nito, ganap itong napanatili.

Sa kabilang banda, ang mga kasulatang hawak ngayon ng ibang relihiyon ay nahaharap sa malaking pag-aalinlangan hinggil sa kanilang kadalisayan. Ang mga tagasunod na rin ang nagbibigay ng lantarang pagpuna sa maraming pagkakasalungat at kamaliang nasasaad sa mga ito.

Hinggil sa katuruan ng Banal na Qur'an, isa itong pandaigdigang Kasulatan at ito ay patungkol sa lahat ng sangkatauhan, hindi sa isang partikular na tribo o "natatanging-tao". Hindi bago ang dala ng mensaheng ito, bagkus ito rin ang mensaheng dala ng lahat ng Propeta: "Pagsuko sa Makapangyarihang Diyos at Pagsamba lamang sa

Kanya". Kaya naman, ang pahayag ng Diyos sa Qur'an ay nakatuon sa pagtuturo sa tao sa kahalagahan ng paniniwala sa Kaisahan ng Diyos, hubugin ang kanilang buhay sa patnubay na Kanyang ipinadala.

Karagdagan nito, mababasa sa Banal na Qur'an ang mga kasaysayan ng mga naunang Propeta katulad nina Abraham, Noah, Moses at Hesus; at gayundin ang mga ipinag-uutos at mga ipinagbabawal ng Diyos.

Sa makabagong panahon na kung saan nakalugmok ang maraming tao sa matinding pag-aalinlangan, sa ispirituwal kawalan pag-asa sa na ng pangangailangan, at sa di-malamang katumpakan ng pamahalaan, ang Banal na Qur'an ay nag-aalay ng kalutasan sa kawalan ng laman ng pamumuhay at sa kaguluhan na sumasakmal ngayon sa mundo. Sa maikling pananalita, ang Banal na Our'an ay isang aklat ng patnubay na di-mapapantayan ang kahusayan.

#### Si Propeta Muhammad 🎘

Taliwas sa mga namuno ng maraming relihiyon, ang huling Propeta ng Islam ay tunay na naitala bilang isang kilalang tao sa kasaysayan. Maliwanag

nang ganap ang kanyang buhay sa mga nasusulat na kasaysayan, at batid maging ang pinakamaliit na detalye ng kanyang pamumuhay. Hindi lamang tangan ng mga Muslim ang ganap na teksto ng mga Banal sa Salita ng Diyos na ipinahayag kay Muhammad, hawak din nila ang kanyang mga napanatiling winika at pangaral na tinatawag na 'Hadith'.

Matapos banggitin ang mga ito, dapat malaman ng sinuman na ang mga Muslim ay naniniwala na si Propeta Muhammad ay tao lamang na pinili ng Diyos, at siya ay walang anumang pagkabanal. Upang ilayo ang tao sa pagsamba sa kanya, itinuro ni Propeta Muhammad sa mga Muslim na tawagin siyang 'Sugo ng Diyos at Kanyang Alipin'. Ang misyon ng panghuli at pangwakas na Propeta ng Diyos ay tanging ituro sa tao na 'walang sinumang banal o may karapatang sambahin maliban sa Makapangyarihang Diyos', at gayundin ang maging buhay na halimbawa ng pahayag ng Diyos. Sa payak na salita, nagpadala ng kapahayagan ang Diyos kay Muhammad 38, na kanya namang itinuro, isinabuhay at ipinairal sambayanan.

Sa ganitong paraan, higit pa sa pagiging Propeta si Muhammad dahil siya rin ay isang tagapangasiwa ng pamahalaan at isang pinuno. Siya ay namuhay nang payak sa paglilingkod sa Diyos, at pinamunuan niya ang isang relihiyon na sadyang saklaw ang lahat ng aspeto ng pamumuhay - isang panuntunan ng buhay. Itinuro niya kung ano ang ulirang kaibigan, asawa, guro, pinuno, mandirigma at hukom. Dahil dito, sinusunod siya ng mga Muslim hindi dahil sa kanyang kapakanan, bagkus bilang pagtalima sa Diyos. Hindi lamang ipinakita ni Muhammad kung papaano makipagkapwa-tao, higit na mahalaga ay ipinakita niya kung papaano makipag-ugnayan at sumamba sa Diyos ayon sa mga paraang nais Niya.

Katulad ng ibang Propeta, naharap si Propeta Muhammad 🍇 matinding sa pagtutol pagmamalupit sa panahon ng kanyang misyon. Magkagayunman, nanatili siyang mapagpaumanhin, matiisin makata-rungan. at Kanyang pinakitunguhan nang mabuti ang kanyang mga kalaban. Naging matagumpay ang bunga ng kanyang misyon. Bagaman nagsimula ang kanyang misyon sa pinakamahina at malayong mga pook sa mundo, lumaganap ang Islam mula Espanya hanggang sa Tsina sa loob lamang ng isang daang pagkaraang mamatay taon si Muhammad 4. Siya ang pinakadakila sa lahat ng mga Propeta ng Diyos hindi sa dahilang nagdala

siya ng bagong mga doktrina o gumawa ng higit na mahuhusay ng himala, bagkus ang bunga ng kanyang misyon ay nagdala ng higit na bilang ng tao sa landas ng dalisay at tamang paniniwala sa Iisang Tunay na Diyos kaysa sa ibang Propeta.

#### Ang Pamamaraang-Buhay Islamiko.

Sa Banal na Our'an, itinuturo ng Diyos sa tao na nilikha sila upang sambahin Siya, at ang batayan ng lahat ng tunay na pagsamba ay ang laging pagalaala sa Diyos. Sa dahilang sakop ng Islam ang lahat ng aspeto ng buhay, ang lagi nang paggunita sa Diyos ay binibigyan ng pansin sa lahat ng gawain ng tao. Binibigyang-linaw ng Islam na ang lahat ng kilos ng tao ay itinuturing na mga gawang pagsamba kung ginagawa ito dahil sa Diyos at ayon sa Kanyang Banal na Batas. Kaya naman, ang pagsamba ay hindi lamang mga pang-relihiyong rituwal. Ang mga katuruan sa Islam ay nag-sisilbing habag at lunas sa kaluluwa ng tao. Ang mga katangiang katulad ng pagpapakumbaba, katapatan, matiisin at pagkakawanggawa ay matiim na ipinaguutos. Karagdagan nito, ipinagbabawal ng Islam ang pagmamalaki at mapagmapuri sa sarili, sa dahilang ang Diyos lamang ang tanging hukom sa pagkamakatwiran ng tao.

Ang pananaw ng Islam sa kalikasan ng tao ay higit na makatotohanan at mahusay na pinagtimbang. Hindi pinaniniwalaan na likas na makasalanan ang tao, bagkus siya ay may kakayahang gumawa ng mabuti at masama. Itinuturo din ng Islam na ang paniniwala at pagsagawa ay lagi nang magkasama. Binigvan ng Diyos ang tao ng kalayaan, kaya naman ang sukat ng kanyang pananampalataya ay batay sa kanyang mga gawa at asal. Gayundin naman, nilikha ang tao na sadyang mahina at lagi nang natitisod sa kasalanan. Ito ang kalikasan ng taong nilikha ng Diyos ayon sa Kanyang Talino. Ang tao ay hindi likas na makasalanan nangangailangan ng kumpuni. Ito ay sa dahilang laging bukas ang landas ng pagsisisi sa lahat ng tao. At mahal ng Diyos ang mga makasalanang nagsisisi at taos pusong naninikluhod sa paghingi ng tawad sa Kanya.

Naitatatag ang tunay na pamumuhay Islamiko sa pamamagitan ng tamang takot sa Diyos at matapat na paniniwala sa Kanyang Walang-Hanggang Habag. Ang isang pamumuhay na walang takot sa Diyos ay humahantong sa kasalanan at pagsuway, samantalang ang paniniwalang hindi patatawarin ng Diyos ang mga mabibigat na kasalanan ay humahantong sa kawalan ng pag-asa. Ang Islam ay nagtuturo: *Tanging ang mga naliligaw lamang ang* 

nawawalan ng pag-asa sa Habag ng kanilang Panginoon.

Karagdagan nito, ang Banal na Qur'an na kay Propeta Muhammad 35 ipinahayag ay naglalaman ng napakamaraming katuruan hinggil sa kabilang-buhay at sa Araw ng Paghuhukom. Dahil dito, naniniwala ang mga Muslim na ang lahat ng tao ay hahantong sa paglilitis ng Diyos sa kanilang mga paniniwala at gawain nang sila'y nabubuhay pa sa mundo. Sa paghusga sa tao, ang Diyos ay kapwa Mahabagin at Makatarungan. Huhusgahan ang tao ayon lamang sa kanilang nakayanan. Sapat nang sabihin na itinuturo ng Islam na ang buhay ay isang pagsubok, na ang lahat ng tao ay may pananagutan sa Diyos. Ang matapat na paniniwala sa kabilang buhay ay isang susing humahantong sa isang matuwid na buhay at moral. Sa kabilang banda, kung ang pananaw ay wala nang darating pa pagkatapos ng kamatayan, ito ay magdudulot sa tao na maging maramot, makamundo at magkakaroon ng mababang moralidad.

#### Islam - Tungo sa Higit na Mahusay na Pamumuhay

Itinuturo ng Islam na ang tunay na kaligayahan ay maaari lamang makamtan sa pamamagitan ng isang pamumuhay na may kaakibat na paggunita sa Diyos, at sa pagkakaroon ng kasiyahan sa bawa't biyayang ibini-bigay Niya. Karagdagan nito, ang tunay na kasarinlan ay ang kalayaan sa pagiging alipin ng mababang pagnanasa, at kalayaan sa mga ideolohiyang gawa ng tao. Ang naturan ay siya namang kabaliktaran sa pananaw ng maraming tao sa makabagong daigdig na itinuturing ang "Kalayaan" bilang isang kakayahang bigyang-kasiyahan ang lahat ng kanilang pagnanasa nang walang pagpipigil.

Ang maliwanag at malawak na patnubay ng Islam ay nagbibigay sa tao ng isang malinaw na takda sa layunin at landas ng buhay. Bilang karagdagan sa pagiging kasapi ng kapatiran sa Islam, ang timbang at praktikal na katuruan ay pinagmumulan ng kapayapaan, patnubay at moralidad. Ang tuwiran at malinaw na ugnayan sa Makapangyarihang Diyos, kasama ng pagkakaroon ng pagpapahalaga layunin at sa pagiging kasapi ng pandaigdigang kapatiran ay nagpapalaya sa tao mula sa maraming pagkabalisa sa araw-araw na pamumuhay. maikling salita, ang pamamaraang buhay Islamiko ay dalisay at kapaki-pakinabang. Nagtuturo ito ng pagdisiplina at pagpipigil sa sarili sa pamamagitan ng palagiang pagdarasal at pag-aayunong itinakda nito. Nagpapalaya rin sa tao sa mga pamahiin at sa

rasismo (lahat ng pagbibigay ng di-matwid na opinyong nauukol sa lahi, lipi, kulay ng balat at kabansaan). Makakamtan lamang ng tao ang tunay na karangalan o kadakilaan sa pamamagitan ng pagtanggap sa lagi nang paggunita sa Diyos sa araw-araw na gawain at ang pagtanggap na ang tanging pagkakaiba ng tao sa mata ng Diyos ay ang pagiging masunurin sa Kanya.

Binigyan tayo ng Dakilang Lumikha ng talino at kakayahang mangatwiran, magtimbang magpasiya. Kaya inilagay Niya ang ating isip sa pinaka-itaas ng ating katawan, ang ulo, upang ito ay manguna at mamayani sa ating pagpapasiya nang higit sa damdamin o emosyon---na kadalasa'y nakapaglilihis ng landas. Sinumang nagnanais magkaroon ng tama at makatarungang pagtitimbang at paghuhusga, siya ay dapat maharap sa higit sa isang pag-aaralan o pagpipilian. Huwag ibilanggo sarili sa isang pananampalatayang hindi dumaan sa malaya at kusang pagpili. Huwag talikuran ang karapatang pumili ng isang tamang pananampalatayang makapagbibigay ng katiyakan sa kasiyahan at kapanatagan hindi lamang dito sa lupa bagkus maging sa kabilang buhay.

Inaanyayahan namin kayong magpatuloy sa pagaaral hinggil sa Islam upang magkaroon ng kaukulang kaalaman na siyang tanging kailangan upang timbangin at piliin ang katotohanan tungo sa isang tamang pananampalataya at ganap na panuntunan ng buhay.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan sa:

#### **ISCAG-PHILIPPINES**

Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines Salitran 1, Congressional Road Dasmarinas, Cavite Philippines

Tel: 0063-46-4163371/Fax: 0063-46-4163629



### مركز العناية بالمسلمين الجدد

Care Center for New Muslims

P.O. BOX 43339 RIYADH 11561 Tel: 2423008 Fax: 2423001

WWW.NEWMUSLIMGUIDE.COM

Email: imfo@newmuslimguide.com



## طبع بواسطة مركز العناية بالمسلمين الجدد مركز العناية بالمسلمين الجدد تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

#### **Care Center for New Muslims**

الرياض صناعية الدائري مخرج 18 هاتف: 2423001 ــ ناسوخ: 2423001 ص. ب 43339 الرياض 11561

website: www.newmuslimguide.com email: info@newmuslimguide.com

# المدابة إلى طريق الصواب

تأليف خالد إيفرستو